

# 3. Paano makakuha ng pangangalaga

---

## Mga referral

Magbibigay sa inyo ang inyong PCP o ibang espesyalista ng rekomendasyon para bumisita sa isang espesyalista sa loob ng yugto ng panahon na nakalista sa seksyong “Napapanahong pag-access sa pangangalaga” ng handbook na ito, kung nangangailangan kayo nito. Ang espesyalista ay isang doktor na may karagdagang edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa inyo ang inyong PCP upang makapili ng espesyalista. Matutulungan kayo ng tanggapan ng inyong PCP na magtakda ng oras ng pagpunta sa espesyalista.

Kabilang sa iba pang serbisyo na maaaring mangailangan ng rekomendasyon ang mga pamamaraang ginagawa sa tanggapan, X-ray, pagsusuri sa laboratoryo, at mga espesyalista.

Maaari kayong bigyan ng inyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa inyong PCP. Gagamutin kayo ng espesyalista hangga’t sa tingin niya ay kailangan ninyo ng paggamot.

Kung mayroon kayong problema sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na medikal na pangangalaga sa loob ng mahabang panahon, maaari kayong mangailangan ng pangmatagalang referral. Nangangahulugan itong maaari kayong magpatingin sa iisang espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng pangmatagalang pagrekumenda o gusto ninyo ng kopya ng patakaran sa rekomendasyon ng Blue Shield Promise, tumawag sa Blue Shield Promise Customer Care sa 1-800-605-2556 (TTY 711).

Hindi niyo kailangan ng rekomendasyon para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagbisita para sa pangangalagang agaran o pang-emergency
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, tulad ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Pagpapalano ng pamilya (upang matuto pa, tawagan ang Tanggapan ng Impormasyon ng Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo ng Referral sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyo sa sekswal na naipapasang impeksyon (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring kailangan ng referral kapag ibinigay ng mga FQHC, RHC, at IHCP na wala sa network)
- Paunang pagtatasa sa kalusugan ng isip
- Patuloy na therapy sa kalusugan ng isip

Maaari ring makakuha ang mga menor de edad ng ilang partikular na outpatient na serbisyo sa kalusugan ng isip, sensitibong serbisyo, at serbisyo sa problema sa paggamit ng bawal na gamot nang walang pahintulot ng magulang. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad” at “Mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng bawal na gamot” sa handbook na ito.

### **Mga Rekomendasyon sa California Cancer Equity Act**

**Ang epektibong paggamot ng mga kumplikadong cancer ay nakadepende sa maraming dahilan kabilang ang pagkuha ng tamang pagsusuri at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto ng cancer.**

**Kung nasuri kayo na may kumplikadong cancer, nagpapahintulot ang bagong California Cancer Care Equity Act sa inyo na humingi ng rekomendasyon mula sa inyong doktor upang makakuha ng paggamot ng cancer na partikular na mula sa isang nasa network na cancer center na itinalaga ng National Cancer Institute (NCI), kaakibat na site ng NCI Community Oncology Research Program (NCORP), o kwalipikadong academic cancer center.**

**Kapag ang Blue Shield Promise ay walang nasa network na cancer center na itinalaga ng NCI, pahintulutan kayo ng Blue Shield Promise na humingi ng rekomendasyon para makakuha ng paggamot ng cancer mula sa isa sa mga wala sa network na center na ito sa California, kung ang isa sa mga wala sa network na center at ang Blue Shield Promise ay sumasang-ayon sa pagbabayad, maliban kung pipiliin ninyong makipagkita sa ibang provider ng paggamot ng cancer.**

**Kung nasuri kayo na may cancer, makipag-ugnayan sa Blue Shield Promise upang malaman kung kwalipikado kayo para sa mga serbisyo mula sa isa sa mga cancer center na ito.**

## 4. Mga benepisyo at serbisyo

---

### **Mga benepisyo ng Medi-Cal na sinasaklaw ng Blue Shield Promise**

#### **Mga serbisyo sa outpatient (ambulatory)**

##### ***Mga pagtatasa sa cognitive health***

Sumasaklaw ang Blue Shield Promise ng taunang ~~dagliang~~ pagtatasa ng cognitive health para sa mga miyembro na 65 taong gulang o mas matanda pa, at na mga hindi karapat-dapat para sa katulad na pagtatasa bilang bahagi ng taunang wellness visit sa ilalim ng Medicare Program. Hinahanap ng pagtatasa sa cognitive health ang mga palatandaan ng Alzheimer’s disease o dementia.